DEPED DIVISION OF DAVAO DEL NORTE
RECORDS SECTION
RECEIVED
Date: 01 AUG 2022
By: 3:37pm

**Office of the Schools Division Superintendent**

Pansangay na Memorandum
Blg. 1008 s. 2022

Agosto 1, 2022

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

| | | |
|---|---|---|
| Para kina | : Rebecca C. Sagot | Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay |
| | : Eduard C. Amoguis | Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum |
| | : Ramil M. Pilo | Sangay sa Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan |
| | : Lahat ng Pinuno ng Tanggapan | |

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 na nilagdaan ni Pangulong Fidel V. Ramos noong ika-15 ng Hulyo, 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa, magkakaroon ng pambukas na palatuntunan ang Sangay ng Davao del Norte bilang pakikiisa sa pagdiriwang sa Buwan ng Wikang Pambansa sa taong ito na may temang "Filipino at mga Katutubong Wika Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha"

Kaugnay nito, ang birtwal na paligsahan ay gaganapin bawat araw ng Lunes sa buong lingo ng buwan ng Agosto na sasalihan ng tatlong tanggapan:

1.Tanggapan ng Tagapagpapatupad ng Kurikulum (CID
2. Tanggapan ng Tagapamamahala at Operasyon ng mga Paaralan (SGO)
3. Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay (OSDS)

Ang mga paligsahan ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Agosto 8, 2022 | Rampahan sa Bulwagan |
| | Tiktok ko, Kultura ko |
| Agosto 15, 2022 | Isahang Awit |
| Agosto 22, 2022 | Sabayang Sayaw |
| Agosto 30, 2022 | Panambitang Panulaan (Spoken Poetry) |

Hinihikayat ang lahat na magsuot ng kasuotang Pilipino sa bawat buong araw ng Lunes.

Layunin ng nasabing pagdiriwang ang mapahalagahan ang mayaman at makulay na kulturang Pilipino. Maliban pa, masasalamin ang mga tradisyong naging pamana ng lahing kayumanggi.

Ang inyo pong pakikibahagi sa pagdiriwang ay patunay ng inyong pagmamahal sa wikang nagbibigkis sa ating pagkakakilanlan.

Kalakip ay ang mga mekaniks sa bawat paligsahan.



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216-6742** | Telefax **(084) 216-6506**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**

Hinihiling po ang dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**DEE D. SILVA, DPA, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

For The Schools Division Superintendent

**REBECCA C. SAGOT**
Assistant Schools Division Superintendent



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216-6742** | Telefax **(084) 216-6506**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**

## 2022 BIRTWAL NA PALIGSAHAN NG TANGGAPAN

| PALIGSAHAN | Pamantayan | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| **Rampahan sa Bulwagan** | | |
| Bilang ng Kalahok | 1 lalaki at 1 babae (mag pares) | |
| Oras na Inilaan | 1 minuto | |
| Batayan sa Kapasyahan | Kaangkupan at Pagdala ng Damit | 60% |
| | Husay sa Pagpapakilala | 30% |
| | Tikas /Yumi | 10% |
| | Kabuuan | 100% |
| **Patnubay ng Kalahok** | | |
| **a.Bawat tanggapan ay magkakaroon ng isang pares ng kalahok (abae at lalaki)**<br>b. Ang kasuotan ay angkop sa mga katutubong kasuotan bilang pagkilala sa ating mga katutubong kapatid<br>c. Ipakilala ang kanyang sarili at kanyang kasuotan . | | |
| **Tiktok Ko, Kultura Ko** | | |
| Bilang ng Kalahok | 1-3 (maaaring isa o hanggang tatlong lalahok) | |
| Oras na Inilaan | 2-3 minuto | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
| | Nilalaman | 30 % |
| | Pagkamalikhain | 30% |
| | Katugmaan sa Tema | 30% |
| | Dating sa Madla | 10% |
| | Kabuuan | 100% |
| Patnubay sa kalahok | | |
| a. Ang tatalakayin ay angkop sa tema na "Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Pagkilala"<br>b. Gagamitin ang tiktok App upang makabuo ng bidyo na hindi bababa sa dalawa (2) minute at hindi rin lalampas sa tatlong minute<br>c. Ang nabuong piyesa ay dapat i-upload sa ibibigay na google drive link sa Agosto 5, 2022, bago pa ang petsa ng patimpalak.<br>d. Ang mga piyesa ay huhusgahan sa birtwal na presentasyon ng mga hurado<br>e. Ang mga kalahok ay magsusuot ng Kasuotang Pilipino. | | |
| **PANAMBITANG PANULAAN** | | |
| Bilang ng Kalahok | Isa (1) | |
| Oras na Inilaan | 2-3 mintuto | |
| Batayan sa Kapasyahan | Nilalaman (Kabuluhang hatid ng tula at bigat ng diwang nakapaloob | **20 %** |
| | Pisikal na Kaanyuhan (tindig, kasuotan, tingin) | **15%** |
| | Oses, lakas at hina, ilis at bagal, intonasyon at tamang pagbigkas) | **15%** |
| | Dramatikong kaangkupan (Paraan ng pagbibigay-kahulugan sat ula at istilong ginamit) | **35%** |
| | Kabuuang pagtatanghal at Impak sa madla | **15%** |
| | Kabuuan | **100%** |
| **Isahang Awit** | **Isang Awiting Bayan** | |
| Kalahok | 1 | |
| Batayan sa Kapasyahan | Kalidad ng boses | **40%** |
| | Interpretasyon sa awitin | **30%** |
| | bigkas ng salita | **20%** |
| Kasuotan | Kasuotan | **10%** |



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216-6742** | Telefax **(084) 216-6506**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**

For The Schools Division Superintendent

**REBECCA C. SAGOT**
Assistant Schools Division Superintendent

| | | |
|---|---|---|
| | Kabuoan | **100%** |
| **Sabayang Sayaw (Folk Dance)** | | |
| Bilang ng Kalahok | 3 lalaki at tatlong babae (pares) | |
| Batayan sa Kapasyahan | Choreography | **40%** |
| | Husay sa Pagganap (Mastery and Execution) | **50%** |
| | Props at Costume | **10%** |
| | Kabuuan | **100%** |
| **Larong Lahi ( Tumbang lata, Patentero,pagdakip ng manok)** | | |
| **Bilang ng kalahok sa Patentero** | 5 | |
| **Bilang ng Kalahok sa Pagdakip ng manok** | 1 kalahok bawat tanggapan | |

For The Schools Division Superintendent

REBECCA C. SAGOT
Assistant Schools Division Superintendent



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216-6742** | Telefax **(084) 216-6506**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**